⑨ Katanungan

Kalihimang Lupon ng Edukasyon sa Prepektura ng Saga, Dibisyon ng Promosyon sa Edukasyon, Ang Prepektural na Pangbukas na Paghahanda sa Panggabing Junior Hayskul

〒840-8570 1-1-59 Jonai, Lunsod ng Saga

TEL 0952-25-7476
FAX 0952-25-7409

e-mail: kyouiku-shinkou@pref.saga.lg.jp

Website ng Lupon ng Edukasyon

Mahalaga

Ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay ililipat sa lokasyon kung saan bubuksan ang paaralan sa Disyembre 2023.
Pagkatapos ng paglipat, ipapaalam namin sa inyo ang bagong impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa aming website.

佐賀県　夜間中学　Paghanap

Lokasyon at Pagpunta

2-6-1 Tenyu, Lunsod ng Saga

Matatagpuan sa gusali ng paaralan na pagsusulatan sa Saga Kita Haiskul



Humigit-kumulang 25 minutong lakad mula sa Istasyon ng Saga
Humigit-kumulang 1 minutong lakad mula sa hintuan ng bus ng Kitakou-Maehe sa Bus ng Lunsod sa Saga.

Aplikasyon para sa pagpasok (halimbawa ng pagpasok)

様式１号

※1 受付番号は記入しないでください。

受付番号 ※1	

入学希望申請書

令和５年11月３日

佐賀県立彩志学舎中学校長 様

私は佐賀県立彩志学舎中学校に入学したいので、申請します。

入学希望者	ふりがな	さが　たろう	入学希望者写真（縦4cm・横3cm）正面 6ヶ月以内撮影 写真裏へ氏名記入
	氏名	佐賀　太郎	
	生年月日	平成18年　4月　13日　生	
	現住所	〒840-8570 佐賀市城内１丁目１番59号	
	連絡先(TEL)	自宅 □□□□-○○-△△△△ 携帯□□□-○○○○-△△△△	
	入学を希望する理由 該当する番号すべてを○で囲む	1 中学校を卒業したい 2 中学校の学習内容を学び直したい 3 高等学校へ進学したい 4 日本語や中学校の学習内容を習得し、仕事や生活にいかしたい	
	入学希望学年	1年生 ☑　2年生 ☐　3年生 ☐ ※入学学年は面接を通して決定します。どれか1つに✓を入れてください。	
保護者 ※2	ふりがな	さが　はなこ	希望者との続柄：母
	氏名	佐賀　花子	
	連絡先(TEL)	自宅 □□□□-○○-△△△△ 携帯□□□-○○○○-△△△△	

※2 未成年の方のみ記入してください。

※取得した個人情報は、入学希望者募集業務の目的以外には使用しません。



2024

Junior Hayskul ng Saishi Gakusha sa Prepektura ng Saga

Impormasyon sa Pangangalap ng mga Inaasahang Estudyante

Magbubukas sa Abril 2024

Ano ang Junior Hayskul ng Saishi Gakusha sa Prepektura ng Saga (Panggabing Junior Hayskul sa Prepektura ng Saga)?

Ito ang unang panggabing Junior Hayskul na itinatag sa Prepektura ng Saga para sa mga hindi nakatapos ng sapilitang edukasyon sa iba't ibang dahilan, anuman ang nasyonalidad o edad, o mga hindi nakatanggap ng sapat na edukasyon dahil sa hindi pagpasok.

Pangmalas ng Paaralan

Iginagalang namin ang mga indibidwalidad at ng magkakaibang pagpapahalaga ng bawat estudyante at sinusuportahan namin ang mga estudyante na sumusulong patungo sa kanilang mga layunin.

Panahon ng Aplikasyon

Nobyembre 1, 2023 ~ Enero 31, 2024

(Ang mga nais pumasok pagkatapos ng pagbubukas ng paaralan, ito ay tatanggapin anumang oras mula sa Abril 23, 2024 ~ Setyembre 24, 2024.)

Lupon ng Edukasyon sa Prepektura ng Saga

❶ Mga estudyanteng karapat-dapat (Ang mga pwedeng magpatala)

Ang mga nakatira sa Prepektura ng Saga at lumampas na sa edad ng sapilitang edukasyon (mula sa petsa ng 15 hanggang sa unang Abril 1) at nasa ilalim ng alinman sa mga sumusunod

・Ang mga hindi nakatapos ng sapilitang edukasyon sa iba't ibang mga dahilan
・Ang mga nagtapos mula sa Junior Hayskul nang hindi nakatanggap ng sapat na edukasyon dahil sa hindi pagpasok sa paaralan
・Mga dayuhang mamamayan na gustong makatanggap ng sapilitang edukasyon sa Japan

❷ Bilang ng mga Aplikante

・20 mga estudyante sa isang baitang, mga 60 estudyante sa kabuuan

❸ Ang matututuhan mo

・Pag-aaralan ng mga estudyante ang lahat ng siyam na paksang-aralin, katulad ng sa pang-araw na Junior Hayskul.
・Maaari kang matuto ng Japanese ayon sa iyong sitwasyon sa pag-aaral.
Ang mga estudyante ay maaari ding matuto mula sa elementarya. Gayunman, hindi ka maaaring mag-aral lamang ng ilang paksa o Japanese.
・Sa pagtatapos, ikaw ay magiging karapat-dapat na makapagtapos sa Junior Hayskul.

❹ Mga Araw ng Klase at Oras ng Pag-aaral

・Mag-aaral sa mga gabi ng karaniwang araw (5:50 n.g. hanggang 9:05 n.g.)
・Mayroong 5 araw sa isang linggo, 4 na oras sa isang araw, 20 oras ng klase bawat linggo.
・Magkakaroon ng oras ng pahinga (pagkain). Maghahanda at magdadala ng sariling pagkain kung kinakailangan.

❺ Gastos

・Walang sinisingil sa matrikula. Ang mga aklat-aralin ay walang bayad.
・May mga gastos na kailangan para sa buhay paaralan, tulad ng kung ano ang kinakailangan para sa mga klase tulad ng Sining, Teknolohiya/Ekonomiyang Pantahanan, mga kagamitang kinakailangan sa mga aktibidad sa pagkatuto, at gastusin sa transportasyon para sa pakikisali sa mga kaganapan (gastusin sa aktibidad sa labas ng paaralan).

❻ Pagpasok sa Paaralan

Maaari kang mag-commute papuntang paaralan sa pamamagitan ng pampublikong transportasyon (bus, JR), lakad, bisikleta, kotse, o motorsiklo. Maaari ka ring mag-commute papuntang sa paaralan sa pamamagitan ng pagsundo at paghatid.

※Kung gusto mong mag-commute gamit ang kotse, motorsiklo, o bisikleta, dapat kang mag-sumite ng abiso sa paaralan at kumuha ng pahintulot pagkatapos ng pagpapatala.

❼ Daloy hanggang sa pagpasok

(1) Aplikasyon para sa pagpasok (Ang mga dokumentong ihahanda ay ang mga sumusunod.)

Makukuha mo ito sa iyong lunsod o bayan.

・Aplikasyon para sa pagpasok (Form Bilang 1)
・Kopya ng sertipiko ng paninirahan sa loob ng 6 na buwan (wala ang Aking Numero)
・Ibinalik na sobre (Magpapadala kami sa iyo ng sulat ng pagtanggap o pagtanggi sa koreo)

Pakisuyong isulat ang adres at pangalan ng inaasahang estudyante at maghanda ng sobre (Nagagata No. 3) na may selyo na nagkakahalaga ng 404 yen.

【Panahon ng Aplikasyon】	**Mula Nobyembre 1, 2023 (Miyerkules) Hanggang Miyerkules, Enero 31, 2024** **【9 n.u. hanggang 5 n.g.】** **Gayunman, Sabado, Linggo, Pambansang Opisyal na Pista, at katapusan ng taon at Bagong Taon (mula Disyembre 29, 2023 hanggang Enero 3, 2024) ay hindi kasama.**
【Adres ng Pagsusumite】	**佐賀県教育委員会事務局 教育振興課** **県立夜間中学開校準備担当** 〒840-8570 佐賀市城内1丁目１番59号 **Pakisuyong dalhin ito sa pamamagitan ng koreo o sa personal.** **Sa kaso ng pag-koreo, ito ay dapat na simpleng rehistradong koreo at dapat na may marka ng koreo bago mag-Enero 31, 2024.**

※Ang mga nais magpatala pagkatapos ng pagbubukas ng paaralan ay tatanggapin anumang oras mula Abril 23 2024 hanggang Setyembre 24, 2024. Pakisuyong tingnan ang website ng paaralan para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan pagkatapos magbukas ang paaralan.

(2) Pakikipanayam

・Tatanungin ka namin tungkol sa dahilan ng iyong pagpapatala, kung paano mo gustong pumasok sa paaralan, impormasyon ng pakikipag-ugnayan, atbp.

Tungkol sa petsa, oras, lugar, atbp. ng panayam, ang tauhan ng Prepekturang Panggabing Junior Hayskul ay makikipag-ugnayan sa taong nagsumite ng mga dokumento.
(Ang panayam ay gaganapin mula Miyerkules, Pebrero 7, 2024 hanggang Sabado, Pebrero 10, 2024.)

(3) Ang pagpapasya sa pagpasok

Ang mga resulta ng panayam ay i-aabiso sa pamamagitan ng pagsulat sa koreo.(Naka-iskedyul ito ng Huwebes, Pebrero 22, 2024)

❽ Iba pa

・Kung may pagkakamali sa mga isinumiteng mga dokumento o sa nilalaman ng panayam, maaaring kanselahin ang pagpasok kahit pagkatapos ng pagpapatala.
・Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa pagpasok, pakisuyong makipag-ugnayan sa amin.
・Plano naming magsagawa ng sesyon ng briefing para sa mga inaasahang estudyante sa Linggo, Marso 17, 2024.